

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipagdiwang ang Buwan ng Punong-kahoy ng Brampton nitong Setyembre!

BRAMPTON, ON (Agosto 27, 2021) – Makibahagi sa Lungsod ng Brampton ngayong Setyembre para sa ating unang itinalagang Buwan ng Punong-kahoy para ipagdiwang ang mga punong-kahoy sa Brampton! Ang Lungsod at ang mga partner nito ay magho-host ng mga event at mga inisyatiba, kabilang ang kapana-panabik na pamimigay ng punong-kahoy, bilang bahagi nitong mahalagang buwan. Ang Buwan ng Punong-kahoy ng Brampton ay itinaguyod ng CN.

Pamimigay ng Punong-kahoy sa Residensya (magbubukas sa Setyembre 10, 2021)

Ang rehistrasyon para sa Pamimigay ng Punong-kahoy sa Residensya (Residential Tree Giveaway) para sa mga residente ng Brampton ay magbubukas sa Setyembre 10! Magpapamigay ang Lungsod ng 2,400 punong-kahoy sa sari-saring mga species (Red Maple, Red Oak, Bur Oak, at White Spruce) sa mga nagparehistro. Limitado ang mga punong-kahoy sa isa bawat sambahayan at maaaring itanim sa pribadong propyedad lamang (harap o likod na bakuran). Ang mga residente ay kailangang magparehistro para makasali. Magiging available ang mga punong-kahoy para sa personal na pagkuha sa weekend ng Setyembre 25. Alamin ang mas marami pa sa www.brampton.ca/trees.

Kumonekta sa amin sa social media

Kunan ng snap shot ang iyong paboritong punong-kahoy o mga punong-kahoy sa Brampton at ibahagi ang mga ito sa social media gamit ang #BramptonTrees para sa pagkakataon na maitampok sa ating mga channel sa @CityBrampton at website sa www.brampton.ca/trees.

Survey sa Natural Heritage System

Ipaalam sa amin kung ano ang iyong palagay sa mga woodland, wetland, valleyland, meadow, at iba pang mga likas na espasyo ng Brampton, at kung saan ka pumupunta para mag-enjoy sa kalikasan sa Brampton para sa pagkakataong manalo ng papremyo.

Sagutan ang Survey sa [Natural Heritage System](#).

Tree-sources

Alamin ang lahat tungkol sa mga punong-kahoy at lumahok sa Buwan ng Punong-kahoy sa pamamagitan ng paggamit sa handy tree resources – o tree-sources!

- [Mga Punong-kahoy sa Brampton](#)
- [Mga Tip sa Pangangalaga ng Punong-kahoy mula sa Lungsod ng Brampton](#)
- [Interactive na Tracking Tool sa Punong-kahoy](#)
- [Programa sa Isang Milyong Punong-kahoy](#)
- [Punong-kahoy sa Canada](#)
- [Linggo ng Pambansang Kagubatan: Setyembre 19 hanggang 25, 2021](#)

Mga impormasyon sa punong-kahoy sa Brampton

- Ang Brampton ay kasalukuyang may tinatayang 3.6 milyong punong-kahoy, na nabibilang sa 18 porsyento ng kabuuang sakop ng lupain.
- Sa loob ng nakalipas na limang taon, ang Lungsod at ang partner nito – kabilang ang pangkonserbasyong mga awtoridad, ang Rehiyon ng Peel, mga school board at ang development na industriya – ay nagtanim, sa karaniwan ng 43,000 punong-kahoy kada taon sa Brampton.
- Higit sa 250,000 punong-kahoy ang naitanim sa Brampton mula 2014.

Mga Quote

“Ipinroklama ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang Setyembre bilang Buwan ng Punong-kahoy ng Brampton! Ang Brampton ay isang Green City, at aktibo tayong nagtatrabaho para protektahan ang urban na kagubatan at ang magtanim ng Isang Milyong Punong-kahoy bago lumipas ang 2020. Nagbibigay ang mga punong-kahoy ng maraming pakinabang sa lahat, kabilang ang mas malinis na hangin, napababaan ang mga epekto ng pagbabago ng klima, dinagdagan ang mga halaga ng mga propyedad, at pinapaganda ang ating komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Maligayang Buwan ng Punong-kahoy, Brampton! Bilang bahagi nitong maresultang buwan, hinihikayat ko ang lahat na maglakad at alamin ang Natural Heritage System ng Brampton, magtanim ng punong-kahoy at subaybayan ito sa ating Tracking Tool sa Punong-kahoy, alamin ang mas marami pa tungkol sa sustenableng pangangasiwa ng kagubatan, at saliksikin ang www.brampton.ca/trees.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Buwan ng Punong-kahoy ng Brampton ay isang pagkakataon para makilala at matuto ang bawat isa tungkol sa kahalagahan ng mga punong-kahoy sa ating lungsod. Lumahok sa Residential Tree Giveaway, mag-post ng mga litrato gamit ang #BramptonTrees, at saliksikin ang ating mga resource at mga inisyatiba.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga kawani ng Lungsod ay dedicated sa pagtanim, pagmimintina, at pagprotekta sa magandang tree canopy ng Brampton. Sumusuporta ang Buwan ng Punong-kahoy ng Brampton sa ating Grow Green Environmental Master Plan, Plano sa Pangangasiwa ng Urban na Kagubatan, at Programa sa Enerhiya ng Komunidad at Pagbawas ng Emission.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at

pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca